

Statement of President Aquino upon his arrival from his working visit to Singapore

**Pahayag  
ng  
Kagalang-galang Benigno S. Aquino III  
Pangulo ng Pilipinas  
Sa kanyang pagbabalik mula sa pagbisita sa Singapore**

[Inihayag NAIA, Lungsod Pasay, noong ika-19 ng Nobyembre 2014]

Magandang gabi po sa inyong lahat.

Talaga naman pong siniksik natin ang ating schedule upang masigurong bawat minutong inilagi natin sa labas ng bansa ay tunay na nakakapag-ambag sa pagsusulong sa interes ng Pilipino. Kagabi, sa harap ng humigit-kumulang 300 negosyante at kinatawan ng mga naglalakihang kumpanya na tinipon ng The Economist, nilatag natin ang ating pananaw at mga hakbang para lalong paunlarin ang ating ekonomiya, isulong ang estabilidad at mabuting pakikipag-ugnayan, at ihatid ang mas maraming pagkakataon para sa ating bansa. Panibagong grupo nga po ng mga negosyante ang ating naabot sa pagtitipong iyon.

Ang sabi nga po sa atin ni Secretary Greg Domingo, hindi ito ang unang beses na dinumog ang isang pagpupulong na tampok ang Pilipinas; sa ibang investment briefing na isinasagawa ng DTI, tulad sa Europa at Taiwan, talagang ipinapabatid ng mga kumpanya ang malakas na interes sa atin. Nang magsimula nga po tayo, buenas na kung nasa 30 negosyante ang sumali sa mga investment briefing ng pamahalaan; ngayon po kadalasan, times ten na po ang dumadalo, at di po tayo magugulat kung lalaki pa nang lalaki ang numerong 'to.

Sa business roundtable naman na ating sinalihan kaninang umaga, kinalap natin ang interes ng mga pinuno ng mga kumpanyang kasapi ng Singapore Business Federation at ng iba't ibang chambers of commerce ng Europa, Britanya, Estados Unidos, Japan, at India, kasama na rin ang Europe-ASEAN Business Alliance, International Enterprise Singapore, at Philippines-Singapore Business Council. Ang isa nga sa mga kasapi ng malalaking business groups na ito ay ang Keppel Offshore and Marine Ltd na kabalikat natin sa lalong pagpapalakas sa ating shipbuilding industry. Di lang po sila nakuntento sa tagumpay ng naturang industriya; balak pa nilang lalong mamuhunan sa atin. Patunay na rito ang paglalagay nila ng kauna-unahan nilang oil rig sa bansa.

Kinausap din tayo ng Singapore Airlines Engineering Company na kilala sa aircraft maintenance, repair, at overhaul. Nagsimula sila ng operasyon sa Pilipinas [noong] taong 2005, at noong 2009 ay pinalawak pa nila ang kanilang gawain sa pagpasok ng \$25 milyong na dagdag-puhunan. Ngayon nga po, kasalukuyang tinatapos ng SIAEC ang pagpapatayo sa kanilang ikatlong hangar sa atin, na nagkakahalaga ng humigit-kumulang \$21 milyong. Ang sabi pa nga nila, balak nilang magtayo pa ng dalawang hangar sa mga susunod na taon.

Ano po ba ang ibig sabihin ng lahat ng ito para sa atin? Bukod sa maghahatid ang mga ito ng dagdag na empleyo, pinapatunayan nito na talagang world class ang manggagawang Pilipino. Ang pagpapatakbo nga sa ganitong mga pasilidad ay nangangailangan ng natatanging technical expertise para sa malalaking eroplano, at sa susunod na taon ay kasama na ang Airbus 330 at Boeing 777 sa maseserbisyuhan ng SIAEC sa atin pong bansa.

Ang dagdag pa nilang balita: talagang napabilib sila ng 500 Pilipinong empleyado at senior managers ng SIAEC sa Singapore; ito ang nag-eengganyo sa kanilang lalong mamuhunan sa talento at kakayahan ng Pilipino. Sakto din po ang paglawak ng operasyon ng SIAEC sa Clark, lalo pa't isinusulong natin ang Clark Green City.

Ayon nga po sa SIAEC, ang tanging konsiderasyon nila ay ang katiyakan na sapat ang bilang ng ating mga skilled technical workers para sa operasyon ng kanilang kumpanya. Ang pangako natin: Makikipag-ugnayan—at nakikipag-ugnayan na—ang DOLE, CHED, at TESDA sa kanila upang masigurong ang mga oportunidad na hatid ng SIAEC ay matatamasa ng ating mga kababayan, dahil may sapat silang kakayahan na kailangan ng ganitong mga industriya.

Ito nga po ang nagpapatunay sa matagal na nating sinasabi: Hindi tsamba ang nakikita nating tranpormasyon sa ating ekonomiya at lipunan. Ang ginagawa natin: tinutukoy ang mga pangangailangan ng pribadong sektor, at sinisigurong ang mga nililintang natin ngayon ay may kakayahang panghawakan ang mga pagkakataong hatid ng kaunlaran. Ang mga pagkakataong ito naman ang magsisilbing lunsaran ng mas marami pang oportunidad para sa mga negosyo at para sa ating mga kababayan.

Ngayong araw din po, nakipagpulong sa atin ang mga pinuno ng Temasek at Government Investment Corporation [GIC], ang dalawang pinakamalaking investment fund groups ng Singapore. Ang Temasek, pumapasok na sa iba't ibang industriya sa ating bansa; at kapwa po nating inaasahang lalaki ang isang bilyong dolyar nilang puhunan sa lalong madaling panahon. Ang GIC naman, kamakailan lang ay namuhunan muli sa isang kumpanyang Pilipino. Ang pinasok nila sa Emperador Inc: P17.6 billion. Ang sabi po sa atin, dati nga, interesado ang GIC sa imprastruktura, real estate, at telecommunications; ngayon, sa paglalagat nila ng puhunan sa isang consumer-driven na kumpanya, pinapamalas nilang talagang ayos mamuhunan sa merkadong Pilipino. Hindi nga po natin mamasamain kung maisipan pa nilang pumasok sa ibang sektor dito sa Pilipinas.

Binisita din po natin ang Jollibee sa Lucky Plaza, na nagpapatunay na kayang makipagsabayan ng Pilipinong kumpanya sa mga dayuhan. Isa nga lang ang narinig nating reklamo kanina: sobrang lakas ng Jollibee sa Singapore at maliit ang naging sosyo rito ng isa sa mga Singaporean partners. Kaya naman, tinutulak nitong partner na ito na dalhin ang Jollibee sa Malaysia, kung saan sisiguruhin niyang mas malaki ang maisososyo niya dahil talagang napakaganda raw pong negosyo nito.

Wala pong duda: ang dating itinuturing na Sick Man of Asia, aktibo at masiglang kabahagi na ngayon ng paghahanda para sa ASEAN economic integration na magaganap sa taong 2015. Dahil pangmatagalan ang hinabol nating tranpormasyon, tiyak na hanggang sa mga

susunod na henerasyon ay aanihin ng mga Pilipino ang bunga ng mga ipinunla nating binhi ng pagbabago. Ang hamon po sa atin: ipagpatuloy ang pagpupunyagi at pag-aalaga sa ating mga nasimulan, upang makilala ng mga susunod sa atin ang isang Pilipinas na bukal ng pagkakataon para sa lahat.

Sa ating sama-samang paghakbang sa tuwid na landas, at sa ating matibay na pananampalataya sa Maykapal, patuloy na ipapamalas ng Pilipino kung ano ang kayang abutin ng isang lahing handang daigin ang anumang hamon, sagarin ang mga pagkakataon, at pag-ibayuhin ang kakayahan at husay na kinikilala ng buong daigdig.

Maraming salamat po. Magandang gabi po sa inyong lahat.

<http://www.gov.ph/2014/11/19/statement-of-president-aquino-upon-his-arrival-from-his-working-visit-to-singapore/>